# Proyekto sa Aurora Ave

Buod ng Natuklasan sa Community Design Workshop

Seattle Department of Transportation

Setyembre 2023

## Ano ang nangyayari

Kami ay nagtatrabaho sa isang proyekto upang gawin ang Aurora Ave N na mas ligtas at madaling gamitin ng lahat. Gusto naming pakinggan ang mga taong nakatira dito, nagpapatakbo ng mga negosyo, gumagamit ng mga bangketa at kalye. Gusto rin naming tingnan kung saan nangyayari ang mga banggaan at kung paano namin magagawang mas ligtas ang mga lugar na ito, lalong-lalo na para sa mga taong naglalakad o nagbibisikleta. Pag-iisipan namin tungkol sa pagpapahusay ng serbisyo ng bus at pagkonekta nito sa mga malapit na mga estasyon ng light rail. Ang aming layunin ay gawin ang mga pagpapahusay na ito kapag mayroon kaming pera para gawin ito.

## Ano ang kailangan ninyong gawin


Sa ngayon, wala kayong kailangang gawin. Sinasabi lamang namin sa inyo kung ano ang natutunan namin mula sa mga taong nakatira at nagtatrabaho sa lugar na ito. Gusto rin naming malaman ninyo kung ano ang aming susunod na gagawin, para makasali kayo sa mga susunod na mga hakbang sa pagpaplano kung gusto ninyo.

## Ano ang mga dahilan para sa Aurora Avenue Project

Ang Aurora Ave N/State Route 99 ay isa sa mga pinaka-abalang kalye sa Seattle. Dumadaan ito sa mga kapitbahayan na may iba't ibang uri ng tao at negosyo. Maraming bus ang gumagamit nito, at ito'y mahalaga sa paggalaw ng kargamento. Kumokonekta ito sa maraming mga bahay, tindahan, serbisyo, at trabaho. Ngunit nagkaroon ng maraming banggaan, mga problema sa mga bangketa, at hindi madali para sa mga taong may issue sa pagkilos para umikot.

## Sino ang kasangkot sa Aurora Avenue Project

Ang Aurora Ave Project ay isang pagsusumikap ng pangkat ng Seattle Department of Transportation (SDOT) at ng King County Metro. Kami ay nagtutulungan upang bumuo ng isang bagong disenyong pananaw para sa Aurora Ave N corridor na nagpapahusay ng kaligtasan, kadaliang pagkilos, at pagka-naa-access para sa lahat ng nagbibyahe na may mga bagong ideya para sa Aurora Ave. Ginagamit namin ang pera mula sa isang grant ng Washington State Department of Transportation Pedestrian and Bicycle Program na aming natanggap noong 2021. Mayroon din kaming suporta sa pagpopondo mula sa Levy to Move Seattle at King County Metro.




*Mapa ng bahagi ng Aurora corridor.*

## Palatakdaan ng Proyekto

**Tag-init/Taglagas 2022**

**Yugto 1 ng Community Outreach**: Survey #1

**Tagsibol/Tag-init 2023**

**Yugto 2 ng Community Outreach:** Mga Workshop sa Disenyo ng Komunidad

**Taglagas 2023**

**Disenyo at Pagpapaplano:** Paggawa ng Konsepto

**Taglamig/ Tagsibol 2024**

**Yugto 3 ng Community Outreach:**Report-Out ng Komunidad & Survey #2

## Kung ano ang aming narinig sa ngayon

Sa Yugto 2, nakakuha kami ng feedback mula sa mga tao online at nang personal. Ito ang maikling buod, ngunit makakahanap kayo ng higit pang detalye sa aming *Ulat sa mga Natuklasan sa mga Community Design Workshop* sa aming website.




### Pananaw para sa susunod na 20 taon:

- Marami sa inyo ay nakakakita ng hinaharap kung saan ang mga tao ay sama-samang gumugugol ng oras, na may mas maraming mga puno at berdeng espasyo, at mas maraming mga negosyo at mga bagay na magagawa sa kahabaan ng Aurora Ave.
- Marami sa inyo ang nakakaramdaman ngayon, na ang Aurora Ave ay hindi tumutugma sa buhay na buhay at kapana-panabik na komunidad na iniisip ninyo para sa mga kalapit na kapitbahayan.
- Hindi kasing dami sa inyo ang nakikita ang Aurora Ave bilang isang highway na pangunahing tumutulong sa inyo na makarating sa mga kapitbahayan sa hilaga ng Seattle.

## Mga Salungatan:

- Ang pangunahing pagkakaiba sa kung paano nakikita ng mga tao ang mga ideya sa pagpapabuti ng Aurora Ave ay namamagitan sa mga nag-iisip dito bilang bahagi ng kanilang kapitbahayan at ang iba na nakikita ito bilang highway.
- Ang pinakamalaking bahagi ng hindi pagkakasundo ay tungkol sa pagbabawas ng bilis at pagkontrol ng trapiko.
- Ang mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagmamaneho, gumagamit ng bus, o may mga negosyo kung minsan gusto ng iba't ibang bagay dahil iba ang pagpapahalaga nila sa kaligtasan at kaginhawahan. Narito ang ilan sa mga argumento na aming narinig.
    - Tungkol sa mga tawiran na may mga senyales:



        - *“Ang mga taong may kapinsanan sa pagkilos ay may maraming problema sa pagtawid; may kakulangan sa mga may senyales na intersection na nagpapalala nito.”*
        - *"Mangyaring walang senyales, nakakabagal sa trapiko at sa mga bus."*
    - Tungkol sa mga paghihigpit sa mga pagliko sa kaliwa:



        - *"Walang paghihigpit sa pagliko sa kaliwa, dagdagan ng mga senyales ng pagliko sa kaliwa na may mga berde at pulang arrow... kailangan ang I-99 bilang isang arterial corridor."*
        - *"Gayundin ang kaliwang lane na may sariling ilaw ng pagliko sa kaliwa, lahat ng banggaang aking nakita o nabalitaan ay tungkol sa mga pagbibigay-daan sa pagliko sa kaliwa; sa narinig ko maraming tao ang kinakabahan sa mga ito."*
    - Tungkol sa pagdagdag ng mga daanang pambisikleta:




        - *"Walang daanang pambisikleta, hindi tumitingin sa mga taong naglalakad ang mga taong nakasakay sa mga bisikleta."*
        - *"Ang mga daanang pambisikleta ay kailangang laparan para [safety]..."*

## Mga pagpapabuti sa kalsada:

- Karamihan sa mga tao ay sumasang-ayon sa mga pagbabaong nagpapabuti sa Aurora.
- Hindi gaanong nagkakasundo ang mga tao sa mga pagbabago sa transportasyon na dadaan sa Aurora, tulad ng mga daanan ng bus at bisikleta, walang pagliko sa kaliwa, at kakaibang paggamit sa gitna ng kalsada.



- Maraming mga kalahok sa workshop at survey ang nag-iisip na ang mas malapad na mga bangketa, mga bagong tawiran na may senyales, at mas mabuting pag-iilaw para sa paglalakad at mga bus ang pinakamahalagang mga pagbubuti.



### Sa buod

Maraming ideya mula sa mga workshop at survey ang nagpapakita na gusto ng mga taong gamitin namin ang kanilang mga mungkahi na bumuo ng mga plano na gagawin ang kapitbahayan na mas masigla at kapana-panabik.



## Paano namin nakuha ang mga ideyang ito

Sa pagitan ng Marso at Hulyo 2023, nagsimula kami ng Yugto 2 ng aming pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa ang Aurora Ave Project. Sa yugtong ito, ang layunin namin ay ang makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad at mga mahahalagang kasosyo upang lumikha ng isang pananaw at disenyo ng mga plano para sa hinaharap ng Aurora Avenue at mga serbisyo ng transit sa lugar ng aming proyekto. Para gawin ito, nagsimula kami ng ***Community Design Workshops Series*** at tinanong ang mga residente, mga pinuno ng komunidad, mga lokal na negosyo, mga provider ng  mga serbisyo, at komunidad na mga grupo na makipag-ugnayan sa amin.

Mayroon kaming halos 450 katao na sumali sa aming mga workshop, na personal o online. Kami rin ay nagbigay ng kaunting kabayaran sa mahigit 250 kalahok. Ipinakalat namin ang balita tungkol sa ***Community Design Workshop Series*** sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga tao sa komunidad, pakikipag-ugnayan sa mga organisasyon at mga pinuno ng komunidad, pagpapadala ng mga email, pag-update sa aming website, at pagsusulat ng mga blog post upang tiyakin na alam ng lahat sa kahabaan ng Aurora Ave ang tungkol sa mga workshop.





## Ano ang susunod

Sa buong taglagas ng 2023, kami'y magsusumikap sa pagbuo ng isang pananaw para sa hinaharap ng Aurora Avenue at mga serbisyo ng transit nang magkasama.
Gagamitin namin ang data tungkol sa Aurora Ave, teknikal na mga mungkahi, at mga ideya ng komunidad na aming nakolekta noong mga Yugto 1 at 2 ng aming pakikipag-ugnayan sa komunidad. Sa pagtatapos ng taong ito, binabalak naming ipakita sa inyo ang konsepto ng  mga disenyo.




## Huwag palampasin!

- Mahahanap ninyo ang detalyadong ulat tungkol sa aming natutunan mula sa *Community Design Workshops Series* sa **aming website**.
- Mahahanap ninyo ang buod na ito tungkol sa anong aming natutunan sa *Community Design Workshops Series* din sa Tagalog, Espanyol, Koryano, Vietnamese, Intsik (tradisyonal), at Tigrinya.

Upang manatiling napapanahon sa proyektong ito, **magpalista para sa email na mga update** at bisitahin **ang aming website**. Kung mayroon kayong mga tanong o mga komento, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa (206) 905-3620 o **aurorastudy@seattle.gov**.

**Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:**
Jules Posadas, Public Engagement Lead
aurorastudy@seattle.gov | 206-905-3620
www.seattle.gov/transportation/auroraproject

King County METRO

Seattle Department of Transportation

The Levy to MOVE SEATTLE